PARA SA AGARANG PAG-RELEASE
Enero 23, 2024

MAKIPAG-UGNAYAN KAY:
Karina Rivera, Alameda Alliance for Health
510-499-3419
krivera@alamedaalliance.org

# ANG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH AY ISA SA MGA MAY PINAKAMATAAS NA RATING NA PLANONG PANGKALUSUGAN NG MEDI-CAL SA ESTADO

Kabilang ang Alliance sa Mga May Pinakamataas na Rating na Plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng California sa Taong 2023.

**Alameda, CA –** Ang Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nagsisilbi sa higit sa 350,000 residente ng Alameda County, ay tinaguriang isang nangungunang planong pangkalusugan sa estado ng California. Ang Alliance ay ang tanging planong pangkalusugan sa County ng Alameda na nakatanggap ng rating na 4/5 mula sa Mga Rating ng Planong Pangkalusugan ng Medicaid ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA) sa Taong 2023. Walang ibang planong pangkalusugan ng Medi-Cal (ang programa ng mga benepisyo ng Medicaid ng California) sa estado ang nakakuha ng rating na mas mataas sa 4 sa 5 star.

Ang Mga Rating ng Planong Pangkalusugan ng NCQA ay sinusuri gamit ang 1 hanggang 5 star na sukatan at nakabatay sa tatlong uri ng mga sukatan ng kalidad, tulad ng karanasan ng pasyente – kabilang ang mga pagpapatingin sa mga doktor, mga serbisyo ng plano, at serbisyo sa customer. Bukod pa riyan, ang mga plano ay nire-rate batay sa mga klinikal na hakbangin, tulad ng proporsyon ng mga miyembro na nakatanggap ng mga serbisyong pang-iwas sa sakit at ang proporsyon ng mga kwalipikadong miyembro na nakatanggap ng inirerekomendang pangangalaga para sa ilang partikular na kondisyon sa kalusugan.

"Alam namin na ang karanasan ng pasyente at pagkakaroon ng access sa mga serbisyong pang-iwas sa sakit ay hahantong sa mas magagandang kahihinatnan ng kalusugan," sabi ng CEO ng Alliance na si Matthew Woodruff. “Kaya't ipinagmamalaki namin na nakakuha kami ng 4 sa 5 star mula sa Mga Rating ng Planong Pangkalusugan ng Medicaid ng NCQA sa Taong 2023. Hindi maaabot ang tagumpay na ito kung hindi dahil sa dedikasyon at pagsusumikap ng aming mga katuwang na provider, mga team ng pangangalaga, at departamento ng serbisyo sa customer.”

Ang Alliance, na nagsisilbi sa 2 sa 10 residente ng Alameda County ay iniuugnay ang tagumpay na ito sa mga pinaigting na pakikipag-ugnayan at mga programa para sa mga miyembro nito, matibay na pakikipagtulungan sa mga doktor sa komunidad, at sa napakahusay na serbisyo sa customer na ibinibigay nila sa mga miyembro ng Alliance araw-araw.

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa http://alamedaalliance.org/.

###

## Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Ipinapakita ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 400,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng aming mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (NCQA).